Mga Tagubilin sa Pasyente

Ihi para sa *Chlamydia trachomatis(CT)*, *Neisseria gonorrhoeae* (GC),*Trichomonas vaginalis* o *Mycoplasma genitalium*

Ang iyong health care provider ay humiling ng specimen ng ihi.
Para magkaroon ng makabuluhang resulta ang laboratory test, sundin nang eksakto ang mga tagubiling ito.

Pangongolekta

1. Huwag umihi nang 1 oras bago ang pangongolekta.
2. May marka ng 30 mL na level ang lalagyang ibinibigay ng laboratory. Kolektahin ang **unang 30 mL** ng nailabas na ihi. Mahalagang kolektahin ang unang bahagi ng daloy ng ihi.
   Hindi tinatanggap ang gitnang bahagi ng daloy ng ihi.
3. Kapag nagbigay ng higit sa 60 mL na ihi, maaapektuhan ang mga resulta ng test. **Kung higit sa 60 mL ang nakolekta, maghintay nang 1 oras at mangolekta ulit ng panibagong specimen ng ihi.**

Paglalagay ng label

1. Lagyan ng label ang lalagyan gamit ang iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, at petsa ng pangongolekta.

Packaging

1. Ilagay ang lalagyan sa ibinigay na bag at isara nang mabuti ang bag.
2. Itupi ang anumang dokumento at ilagay ito sa labas na bulsa ng transport bag ng specimen. Sa pamamagitan nito, matitiyak na hindi tutulo sa dokumento ang specimen.

Pag-iimbak at Paglilipat

1. I-refrigerate at dalhin ang lalagyan sa laboratory sa parehong araw kung kailan isinagawa ang pangongolekta.